No.（510）

Sa mga Tagapag-alaga/Magulang,

Toyota City Board of Education

# Aplikasyon sa Pinansyal na Suporta para sa Pag-aaral (SHUGAKUENJO)

## 1 Ano ang programa para sa pinansyal na suporta sa pag-aaral (SHUGAKUENJO)?

Ang programang ito ay magbibigay ng pinansyal na suporta sa mga magulang na mayroong mga anak mula sa unang baitang (Grade 1) ng elementarya hanggang sa ika-3 taon ng Junior high school (3rd Year Junior High school) na nahihirapan sa pagpapa-aral dahil sa pinansyal na mga kadahilanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kagamitan sa pag-aaral (school supplies) .

## 2 Sino ang maaaring makatanggap ng tulong ?

(1) Sa mga taong tumatanggap ng pampublikong tulong o nasa public welfare (seikatsu hogo)
(2) Sa mga taong napatigil ang pagkuha ng pampublikong tulong o seikatsu hogo
(3) Sa mga taong nasa mahirap na pangpinansyal na kalagayan (Sambahayan ang kabuuang kita ay mas mababa sa limitasyon ng pamantayan sa Lungsod ng Toyota)

## 3 Pamantayan sa kita (income) (Yen)

| Bilang ng mga tao | 2 katao | 3 katao | 4 na katao | 5 katao | 6 na katao |
|---|---|---|---|---|---|
| Net income (Yen)<br>(Total income) | 2,096,000<br>3,255,000 | 2,764.000<br>4,131,000 | 3,393.000<br>4,916,000 | 3,762.000<br>5,379,000 | 4,328,000<br>6,084,000 |

※ Ang kita (income) ay tumutukoy sa halaga ng kita na ibabawas sa withholding tax certificate.
※ Ang kabuuang kita ng mga miyembro ng iisang sambahayan ay isinasama, kabilang ang mga hiwalay ng tirahan dahil sa trabaho tulad ng pagiging naka-assign sa ibang lugar.
※ Ang halaga na nasa itaas ay sasailalim sa pagbabago ng pamantayan ng social welfare.
※ Bukod sa nasa itaas,maaaring mabago ang matatanggap depende sa kakayanan at sitwayon ng sambahayan.

## 4 Paraan ng Pag-aapply

Ang application ay tinatanggap online gamit ang electronic system ng Aichi prefecture (tinatawag na " Graffer ").
Kung nahihirapan kayong mag-apply online, puwede ring magsumite ng papel na application form.

**【Electronic Applications】**

Gamitin ang QR code sa kanan para mag-apply online.

・Puwede kayong pumili kung Mag-register o mag-login muna bago mag-apply, o Mag-apply gamit ang email nang hindi nagre-register

・Kapag pinili ninyo ang “Mag-register o mag-login bago mag-apply”, puwede ninyong i-save muna ang application kahit hindi pa tapos. Kung may kulang sa dokumento at kailangan itong ibalik sa inyo, puwede ninyong gamitin muli ang dating application (sa loob ng 30 araw) para mag-reapply nang hindi na magsimula mula sa simula.

・Kapag nakatanggap kayo ng confirmation email, ibig sabihin ay kumpleto na ang inyong pag-aapply.

・Pagkatapos ma-submit, hindi na puwedeng baguhin ang laman ng application. Kaya siguraduhing tama ang lahat ng impormasyon bago i-submit.

・Para sa detalyadong gabay kung paano mag-apply, bisitahin ang homepage ng School Education Division ng Toyota City Board of Education at hanapin ang “Manual para sa Electronic Application.”

・Ang electronic application system ay puwedeng gamitin kasama ang translation feature ng inyong device (smartphone, computer, atbp.).

・Kung maraming anak, maaari nang maisama ang lahat sa isang beses na aplikasyon.

♦ Pag-check ng Status

Gamitin ang URL sa confirmation email para makita ang status ng iyong application.

| Status | Description |
|---|---|
| Accepted | Na-submit na ang application |
| Processing | Sinusuri pa ng Board of Education |
| Completed | Tapos na ang pagsusuri, ipapaalam sa pamamagitan ng paaralan |
| Returned | May kulang o mali sa application, tingnan ang email |
| Withdrawn | Kusang binawi ang application (pwede lang kung "Received" pa ang status) |

**Para sa detalyadong gabay kung paano mag-apply, paano i-check ang laman ng application, status ng pagproseso, at kung paano ayusin ang mga kulang o mali, pakibisita ang website ng School Education Division ng Toyota City Board of Education.**

【Website】

**【Kung Gustong Mag-Apply Gamit ang Papel na Form】**

Kung mas gusto mong mag-apply gamit ang paper application form, kunin at isumite ang form sa isa sa mga lugar na nakalista sa ibaba.

♦ Mga Lugar Kung Saan Maaaring Kumuha at Magpasa ng Paper Application Form

| Lugar | Ipamimigay | Pag-aaplay |
|---|---|---|
| (1) Board of Education, Gakko Kyouikuka (6F Toyota City Hall East building) | ○ | ○ |
| (2) Ang kasalukuyang paaralan kung saan nag-aaral ang inyong anak | ○ | ○ |
| (3) Homepage ng Toyota City Board of Education | ○ | X |

Para sa nais mag-apply sa programang ito kumpletuhin ang application form ng「**Aplikasyon sa pinansyal na suporta para sa pag-aaral (SHUGAKUENJO)**」, at isumite kasama ang ibang mga kinakailangang dokumento. Kung maraming anak, isang aplikasyon lamang para sa buong sambahayan ang isusumite.

Ang resulta ng aplikasyon ay malalaman sa pamamagitan sa pag-abiso mula sa paaralan.

Ang deadline ng aplikasyon para sa mga bagong grade 1 ay

年 Taon 月 Buwan 日 araw ( )

「Ang gastos para sa school supplies o kagamitan sa pag-aaral para sa mga bagong mag-aaral」 ay tanging yaong may petsa ng pagkilala na nasa buwan ng Abril lamang ang maaaring tumanggap ng benepisyo.

## 5 Mga matatanggap na pinansyal na suporta

1 School supplies　2 Mga kagamitan sa pagpasok　3 Mga aktibidad sa labas ng paaralan
4 Gastos para sa gamit sa pagpasok sa Grade 1　5 Gastos sa iskursiyon
6 Gastos sa iskursiyon sa mga likas na lugar　7 Medikal na gastos (Para lamang sa bulok na ngipin, parasito (bulate))
8 Gastos sa pagpasok at pag-uwi

※ Hindi kasama sa pinansyal na suporta ang mga gastusin para sa pagsali sa after school club. Para sa karagdagang mga impormasyon, magtanong lamang sa dibisyon ng Kodomo/Wakamono Seisaku ka.

## 6 Paraan ng pagbabayad

Ibibigay ang tulong sa mga tagapag-alaga/magulang sa pamamagitan ng bank transfer. Maaari din maibigay ng cash kung may espesyal na kadahilanan.

## 7 Iba pa

Maaaring magkaroon ng surbey sa sitwasyon ng sambahayan na isasagawa ng community welfare committee (chiiki minsei)/children's committee kung hindi maaprubahan sa aplikasyon lamang.

Ang impormasyon tungkol sa inyong sambahayan ay ipapaalam sa community welfare committee (chiiki minsei)/children's committee kung maaprubahan ang inyong aplikasyon sa shugakuenjo.

> Community welfare committee (Chiiki minsei) /children's committee (Jidoiin)
>
> Ang mga miyembro ng Community welfare committee (Chiiki minsei) /children's committee (Jidoiin) ay itinalaga ng Ministry of Health, Labor and Welfare.
> Ang mga social worker na ito ay tumatanggap ng mga konsultasyon at tumutulong sa pangangalaga para sa maayos na pamumuhay at pag-aalaga ng mga bata sa inyong komunidad. Kumunsulta lamang at makakaasa po kayo na iingatan ang inyong mga personal na impormasyon.

**Para sa tanong/ Address kung saan ipapadala**
〒471-8501
Toyota City Nishi-machi 3-60, Toyota City Hall East building 6F
Toyota City Board of Education, School Education Department
Tulong sa Pag-aaral Section
Telepono 0565-34-6661　FAX 0565-31-9145

